FILE

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-44 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 DISYEMBRE 2000, 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juan S. Advincula	- OB
Konsehal Mae Arlene M. Talens	

KAPASYAHAN BLG. 126
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, G. CEFERINO FALCESO.

SAPAGKA'T, ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal lalo pa't ng isang haligi ng tahanan ay malabis na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKA'T, si G. Ceferino Falceso, sa mahabang panahon ng pamamalagi niya sa daigdig ay naging isang matapat na kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas sa loob ng mahigit na siyam na taon hanggang sa kanyang pagre-retiro noong Pebrero 28, 1999;

SAPAGKA'T, sa buong panahong ito ng kanyang paglilingkod bilang kawani, si 'Nong Pering' na siyang magalang at mapagmahal na tawag sa kanya ng nakararami ay naging tapat, masipag, masikhay sa kanyang mga gawain at matatag na pagsasagawa ng kanyang mga tungkulin at responsibilidad kahit na nga siya ay may katandaan na;

SAPAGKA'T, ang Sanggunlang Bayan ng bayang ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong-pusong nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang ama, isang kaibigan at isang matapat na kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Angelco D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga naulila ng dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, 'Nong Pering Falceso' ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mahal na kabiyak at mga anak ng yumaong 'Nong Pering Falceso' lakip ang aming mataos na pakikiramay.

PINAGTIBAY ng lahat . 11 Disyembre 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/